

Ang Suso at ang Usa

Pinagtatawanan palagi ni Usa ang mabagal na si Suso. Dahil dito, hinamon ni Suso si Usa na magpaligsahan sila sa pagtakbo.

“Mag-unahan tayong makarating sa balon sa may gilid ng plasa,” sabi ni Suso.


“Sige,” ang sagot ni Usa.

Dumating na ang araw ng paligsahan. Gaya ng inaasahan, mabilis tumakbo si Usa. Narating niya agad ang balon.

“Ginoong Suso, nasaan ka na?”

“Narito ako,” sabi ni Suso, sabay na inilabas ang kaniyang ulo sa bunganga ng balon.

Namangha si Usa at hindi niya akalaing naunahan pa siya ni Suso. Kaya’t sinabi niya: “Mag-unahan tayong muli papunta sa susunod na balon.”



"Sang-ayon ako," ang sagot ni Suso.

Nang dumating na si Usa sa ikalawang balon, tinawag niyang muli si Suso. "Ginoong Suso, nasaan ka na?"

"Narito ako," ang sambit ni Suso. "Bakit ang bagal-bagal mo? Kanina pa ako naghihintay sa iyo, Ginoong Usa."

Nagulat si Usa. Hinamon nang paulit-ulit ni Usa si Suso sa pagtakbo papunta sa iba pang balon pero pareho ang resulta – palaging nauuna sa kaniya si Suso. Sa sobrang pagkabigo, inuntog niya ang kaniyang ulo sa isang puno. Nabali ang kaniyang mga sungay at nagkasugat-sugat ang kaniyang mukha.

Ano ang talagang nangyari?

Ang totoo, ang unang suso ay hindi nakaalis sa kaniyang puwesto. May mga pinsan pala siya sa iba't ibang balon na nakapaligid sa bayan. Magkakahawig sila. Nalaman ng mga pinsan ni Suso ang paligsahan sa pagtakbo dahil sa pag-uusap ng mga uwak habang sila ay umiinom sa balon. Dahil dito, nagpasiya ang mga pinsan ni Suso na tulungan siyang manalo sa paligsahan.

Kaya naman, sa tuwing



maghahanap at magtatanong si Usa kay Suso sa bawat balon, agad-agad na may lalabas na ulo ng isang suso at handang sumagot na, "Narito ako!"

Nang mabalitaan ni Suso ang nangyari kay Usa, agad-agad na tinipon nito ang kaniyang mga pinsan. Nagpasiya silang tulungan si Usa. Nagdala sila ng halamang-gamot at inilagay iyon sa mga sugat ni Usa.

Pinatawad nila ang isa't isa at namuhay silang masaya at payapa sa kanilang bayan.

